

Molluscum contagiosum

Kilala rin bilang molluscum, MC

Ang molluscum contagiosum (MC) ay isang hindi nakapipinsalang impeksyon sa balat na dulot ng isang virus at naipapasa sa pamamagitan ng pagkikiskis ng mga balat.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Unang lumalabas ang MC bilang walang sakit na matigas, bilugan, kulay laman na bukol na may dimple sa gitna
- Kapag kinamot ang bukol, kakalat ang MC sa mga nakapalibot na bahagi
- Natutukoy ang MC sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang doktor sa mga bukol
- Maaaring mawala nang kusa ang mga bukol, ngunit mas gusto ng karamihan sa mga tao ang pagpapagamot

Ano ito? (What is this?)

Ang Molluscum contagiosum (MC) ay isang hindi nakapipinsalang impeksyon sa balat na dulot ng isang virus. Kapag hindi ipinagamot, maaaring magpatuloy ang MC sa loob ng 6 - 18 buwan bago ito kusang mawala.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Naisasalin ang MC sa pamamagitan ng pagkikiskis ng mga balat. Sa mga nasa hustong gulang, nakukuha ito habang nakikipagtalik.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Unang lumalabas ang MC bilang walang sakit na matigas, bilugan, kulay laman na bukol na may dimple sa gitna. Kapag kinamot o nabutas ang bukol, kakalat ang MC sa mga nakapalibot na bahagi. Maaaring tumagal nang maraming linggo para lumaki ang mga bukol at lumilitaw sa mga hita, singit, pisngi ng puwet, puson, at bahagi ng ari.

Mula sa panahon ng pagkakaroon ng impeksyon, karaniwan tumatagal nang 2 - 3 buwan para lumabas ang mga bukol ngunit maaaring magkakaiba ito mula sa isang linggo hanggang sa 6 na buwan. Hindi nagkakaroon ng anumang bukol ang ilang tao.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Natutukoy ang MC sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang doktor sa mga bukol. May kakaibang hitsura ang MC.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Bagama't karaniwang kusang nawawala ang mga bukol, mas gusto ng karamihang tao ang paggagamot.

Maaaring kabilang sa gamutan ang:

- **cryotherapy** - pag-freeze ng mga bukol gamit ang liquid nitrogen
- **topical cream** - paglalagay ng iniresetang cream o pampahid sa mga bukol

Dapat mong iwasan ang pag-aahit, pagwa-wax, at pagti-trim ng buhok sa ari habang nasa alinmang paggagamot para mapababa ang panganib na kumalat ang MC.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Ang paggamit ng condom o dam tuwing nakikipagtalik ang pinakamagandang paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa MC.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.